Abiso ng Resulta ng Screening Mammogram
Normal na Mammogram

Notice Date
Exam Date:

Jane Sample
1245 Sample Street
City, Province, Postal Code

Ang resulta ng iyong kamakailang screening mammogram (x-ray ng suso) ay normal at walang ipinapakitang senyales ng kanser sa suso.

MGA SUSUNOD NA HAKBANG:
Wala nang karagdagang aksyon na inirerekomenda sa ngayon. Naipadala na ang iyong mga resulta sa tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na nakatala sa iyong rekord: NATALIE EXAMPLE. Bagama't ang mammogram ang pinakamahusay na paraan na mayroon tayo para sa maagang pagtuklas, hindi lahat ng kanser ay natutuklasan sa pamamagitan ng mammogram. Bukod sa pagpapasuri kapag inirerekomenda, dapat mo ring bantayan ang anumang hindi pangkaraniwang pagbabago sa iyong katawan. **Kung may makapa kang bukol o may iba ka pang dahilan upang mabahala, dapat mong sabihin ito sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, kahit na kamakailan lamang ay nagkaroon ka ng normal na mammogram.**

DENSIDAD NG SUSO: Kategoryang BI-RADS A. Pakitingnan ang likod na bahagi para sa higit pang impormasyon tungkol sa densidad ng iyong suso.

Inirerekomenda na magpa-screening muli para sa kanser sa suso pagkalipas ng 24 na buwan. Kung ikaw ay wala pang 75 taong gulang at nakarehistro sa isang address sa BC, padadalhan ka ng paalala sa koreo kapag oras na para sa iyong susunod na screening.

KUMUSTA ANG IYONG KARANASAN SA SCREENING?

Ibahagi sa amin ang iyong karanasan sa mammogram. I-scan ang QR code na ito o bisitahin ang **screeningbc.ca/breastfeedback** upang sagutan ang isang maikling talatanungan. Maaari mong iugnay ang feedback sa iyong appointment sa pamamagitan ng paglalagay ng code na ito kapag hinihingi: **XXXXXXXXX**. Hindi maaapektuhan ng paggawa nito ang iyong pangangalagang pangkalusugan. Maaari mo ring hindi ilagay ang code at sagutan ang talatanungan nang hindi nagpapakilala.

Maaari ka ring mag-email sa screening@bccancer.bc.ca upang humiling ng talatanungan na ipapadala sa koreo gamit ang paksa na: **Breast Questionnaire para sa XXXXXXXXXXXX.**

Salamat sa pakikibahagi sa Programa ng Breast Screening ng BC Cancer.

Dr. Charlotte Yong-Hing
Breast Screening Medical Director

Kung natanggap mo ang ulat na ito nang hindi sinasadya, mangyaring ipagbigay-alam sa amin sa 1-800-663-9203.

Screening Facility:
Sample Mammogram Screening Facility

SAMPLE

Abiso ng Resulta ng Screening Mammogram
Normal na Mammogram

Ano ang densidad ng suso?
Ang mga suso ay binubuo ng dalawang pangunahing uri ng tisyu: fibroglandular tissue at fatty tissue. Ang fibroglandular tissue ay lumilitaw na dense sa mammogram, samantalang ang fatty tissue ay hindi. Karamihan sa mga tao ay may pinaghalong dense at non-dense (matabang) tisyu sa kanilang mga suso. Ang dami ng dense tissue kumpara sa non-dense tissue sa iyong suso ay karaniwang tinatawag na iyong "Densidad ng Suso." Ang pagkakaroon ng anumang dami ng dense breast tissue ay normal at napakakaraniwan.

Paano ko malalaman kung gaano karami ang dense breast tissue ko?
Ang dami ng dense tissue sa iyong mga suso ay sinusukat ng isang radiologist gamit ang Breast Imaging Reporting and Data System (BI-RADS). Ang iyong pagsusuri sa BI-RADS ay makikita sa harap ng abisong ito. Tumataas ang dami ng dense breast tissue sa bawat kategorya:

BI-RADS A	**BI-RADS B**	**BI-RADS C**	**BI-RADS D**
Ang iyong mga suso ay halos binubuo lamang ng non-dense (matabang) tisyu.	Ang iyong mga suso ay pangunahing binubuo ng non-dense (matabang) tisyu, na may ilang kalat-kalat na bahagi ng dense tissue.	Ang iyong mga suso ay binubuo ng pinaghalong non-dense (matabang) tisyu at dense tissue.	Ang iyong mga suso ay halos ganap na binubuo ng dense tissue.

Ang densidad ng iyong suso ay makikita lamang sa mammogram at hindi nauugnay sa laki o pakiramdam ng iyong mga suso. Nagkakaiba ito sa bawat tao at maaaring bumaba o magbago sa paglipas ng panahon, lalo na habang tumatanda ang isang tao.

Bakit mahalagang malaman ko ang densidad ng aking suso?
1. Ipinakikita ng mga pag-aaral na tumataas ang panganib ng kanser sa suso habang dumarami ang dense tissue sa suso. Gayunpaman, maliit lamang ang epekto ng densidad ng suso sa iyong pangkalahatang panganib. Hindi ka dapat mabahala kung mayroon kang dense breast tissue, ngunit dapat mong kausapin ang isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa iyong pangkalahatang panganib sa kanser sa suso.
2. Ang dense breast tissue ay maaaring magpahirap sa pagtuklas ng kanser sa mammogram. Ang normal na dense breast tissue ay mukhang puti. Ang mga bukol o tumor sa suso ay puti rin ang hitsura, kaya maaaring maitago ng dense tissue ang ilang tumor. Ito ang dahilan kung bakit mahalagang makipag-usap sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung may mapansin kang anumang pagbabago sa iyong mga suso, kahit na kamakailan lamang ay nagkaroon ka ng normal na mammogram.

Mayroon bang mga karagdagang pagsusuri para sa mga may dense breasts?
Sa kasalukuyan, walang sapat na siyentipikong ebidensya upang magrekomenda ng iba pang mga pagsusuri batay lamang sa densidad ng suso. Gayunpaman, ipinakikita ng ebidensya na ang ibang pagsusuri, tulad ng breast ultrasound, ay maaaring makatuklas ng karagdagang mga kanser sa mga taong may dense breast tissue. Subalit, maaaring magkaroon ng mataas na bilang ng mga false-positive na resulta ang breast ultrasound. Ang false-positive na resulta ay isang abnormal na resulta ng pagsusuri na kalaunan ay lumalabas na normal pagkatapos ng karagdagang pagsusuri (na maaaring kabilang ang biopsy o operasyon). Makipag-usap sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan upang malaman kung dapat mong isaalang-alang ang breast ultrasound.

Kung mayroon akong dense breasts, kailangan ko pa rin ba ng mammogram?
Oo. Ang mammogram ang tanging screening test na napatunayang nakababawas ng bilang ng mga namamatay dahil sa kanser sa suso. Maraming kanser ang nakikita sa mammogram kahit na mayroon kang dense breast tissue. Bukod sa regular na pagpapamammogram, dapat mong maging pamilyar sa karaniwang hitsura at pakiramdam ng iyong mga suso at makipag-usap sa isang tagapagbigay ng

SAMPLE

pangangalagang pangkalusugan kung may mapansin kang anumang pagbabago. Maaari mo ring mabawasan ang iyong pangkalahatang panganib sa kanser sa suso sa pamamagitan ng pagpapanatili ng malusog na timbang, pagiging aktibo, paglilimita sa pag-inom ng alak, pagpapasuso kung maaari, at pagsasaalang-alang sa mga panganib at benepisyo ng hormone therapy para sa mga sintomas ng menopause (matuto pa sa www.screeningbc.ca/breast). Bagama't ang dense breast tissue ay isang panganib na salik para sa kanser sa suso, ang pagkakaroon lamang nito ay hindi nangangahulugang ikaw ay nasa "mataas" na panganib na magkaroon ng sakit na ito habang nabubuhay. Kabilang sa iba pang mga panganib na salik ang pagtanda, pagkakaroon ng kasaysayan ng kanser sa suso sa pamilya, at ilang namamanang pathogenic gene variant kabilang ang BRCA1 at BRCA2.

Manood ng isang pang-edukasyong video at alamin pa ang tungkol sa densidad ng suso sa **www.screeningbc.ca/breast**.
Kung nagbago ang iyong address, mangyaring bisitahin ang https://www.addresschange.gov.bc.ca/ upang i-update ang iyong address sa ICBC at Health Insurance BC online nang sabay.

Ang mga abiso ng Breast Screening ay makukuha rin online sa Health Gateway. Mangyaring bisitahin ang healthgateway.gov.bc.ca para sa karagdagang impormasyon at upang magparehistro para sa access.

Kokolektahin at gagamitin ng BC Cancer ang iyong personal na impormasyon para sa layunin ng pagbibigay ng mga serbisyo sa screening, kabilang ang komunikasyon at follow-up, at para rin sa mga layunin ng pagsusuri ng programa. Kinokolekta ang impormasyong ito alinsunod sa FIPPA s. 26(c) at (e). Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa pangongolekta at paggamit ng iyong personal na impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa screening@bccancer.bc.ca. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa privacy, mangyaring bisitahin ang screeningbc.ca.

SAMPLE